


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikatlong Markahan – Modyul 2
Ang Pag-unawa sa Pagmamahal
ng Diyos



Edukasyon sa Pagpapakatao 10
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 2: Ang Pag-unawa sa Pagmamahal ng Diyos
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lily Ann B. Marcos
Editor: Annie Rose B. Cayasen
Tagalapat: Celeste Faith R. Almanon
Tagapamahala: Estela L. Cariño
Benilda M. Dayaca
Carmel F. Meris
Rosita C. Agnasi
Edgar H. Madlaing
Rizalyn A. Guznian
Sonia D. Dupagan
Erlinda C. Quinuan
Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon- Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) 422 – 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 2:
Ang Pag-unawa sa Pagmamahal
ng Diyos**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang Diyos na ating Ama ay isang mapagmahal na Diyos. Hindi siya nagpapahirap. Hindi niya hinahanap ang ating mga kakulangan. Sinugo niya ang kanyang anak upang turuan tayo ng mga paraan ng pagmamahal. Tinutulungan Niya tayong makita ang kabutihan. Tinatanim Niya sa ating puso ang pagmamahal. Kung kaya't minamahal natin ang Ama mula sa kaibuturan ng ating puso. Tinuturuan din tayo ng Diyos na mahalín ang bawat tao gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili. Ang pagmamahal natin sa kapwa ay nagmumula sa ating pagmamahal sa Diyos. Ang ugat at pinagmumulan ng lahat ng pagmamahal ay ang pagmamahal sa Diyos. Samakatwid kung minamahal natin ang Diyos, minamahal din natin ang ating kapwa. Maging bukas ang isip at puso sa paggawa ng mga kilos na makakapagpapaunlad ng ating pagmamahal sa Diyos.

Sa modyul na ito, inaasahang malilínang sa iyo ang mga sumusunod na kasanayang pampagkatuto:

1. Napapangatwiran na ang pagmamahal sa Diyos ay pagmamahal sa kapwa (MELC 9.3).
2. Nakagagawa ng kilos upang mapaunlad ang pagmamahal sa Diyos (MELC 9.4)



Subukin

I. PANUTO: Hanapin ang sagot o karugtong ng Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

1. Ito ang nag- uudyok sa iyo upang ikaw ay maglingkod sa kapwa ng walang hinihinging kapalit.
2. Ang pakikipag-ugnayan mo sa iba at pagbabahagi ng sarili sa iba, ay pagpapakita ng _____.
3. Naipakita rito kung sino ang ating kapwa at kung paano tayo dapat makitungo sa ating kanila.
4. Ang makabuluhang pakikipagkapwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba na may _____.
5. “Hindi dapat tangkaing magpasya kung karapat-dapat ba o hindi ang isang tao sa ating tulong”
6. “Ang pag- big ay hindi nagkukulang kailanman”
7. Kinakailangan ang mga ito sa pagpapatatag ng pakikipagkapwa.
8. Kailangan ito upang maibigay ang nararapat sa kapwa na walang iba kundi ang paggalang sa kanyang _____.
9. Nagsabi na, “Nararapat na may kalakip na paggalang at pagmamahal ang pakikipag- ugnayan natin sa ating kapwa.
10. "Gawin mo sa kapwa mo ang nais mong gawin nila sa'yo"

Hanay B

- A. katarungan at pagmamahal
- B. Parabula ng Mabuting Samaritano
- C. 1 Corinto 13:4–8
- D. paggalang at pagmamahal
- E. Golden Rule
- F. Mosias 4:16–24
- G. Ramon D. Agapay, 1991
- H. Pagmamahal
- I. Dignidad
- J. epektibong komunikasyon at pagtanggap

II. PANUTO: Piliin mula sa kahon ang limang (5) gawi na makatutulong upang mapaunlad ang pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- Pagiging kontento sa buhay
- Pagrereklamo sa maliit na detalye ng buhay
- Pagsisisi sa mga kasalanan
- Pagtulong sa mga nangangailangan
- Pagkakalat ng tsismis at paninira sa kapwa
- Pakikipag-away
- Pagkakaroon ng malinis na pagtingin sa sarili
- Pagiging mapag-imbot sa mga materyal na bagay
- Pananakit sa iba
- Pagbibigay at pagpapatawad sa iba

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Aralin
1
Ang Pag-unawa sa Pagmamahal ng Diyos



Balikan

Natutunan mo sa unang bahagi ng modyul ang tungkol sa dalisay na pagmamahal ng Diyos sa tao. Bago natin simulan ang aralin sa ikalawang modyul, bigyan mo muna ng maikling paliwanag ang pahayag na nakasulat sa kahon. Isulat ang iyong paliwanag sa iyong sagutang papel.

Sa gitna ng unos ng paghihirap ng buhay, nadarama pa rin ang pagmamahal ng Diyos.



Tuklasin

GAWAIN 1: Ang Pagmamahal sa Kapwa ay Pagmamahal sa Diyos.

PANUTO: Basahin ang kuwento tungkol sa pagmamahal. Pagkatapos ay ibahagi ang iyong saloobin sa pamamagitan ng pagsagot sa bawat katanungan na nakasulat sa baba ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang Pagmamahal sa Kapwa

Hango mula sa APA 7th Ed. Citation:

KapitBisig.com Philippines. (n.d.). Ang pagmamahal sa kapwa. https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-parables-mga-parabula-ang-pagmamahal-sa-kapwa-parabula-parable_1050.html

Isang mataas na bundok ang tinangkang akyat ng isang grupo ng kalalakihan. Ngunit sa proseso ng kanilang pag-akyat, isang pagguho ng yelo ang naganap at marami sa kanila ang nasalanta at namatay.

Tatlong lalaki mula sa grupong iyon ang milagrong nakaligtas. Ngunit malubhang napilayan ang isa.

Mamamatay na rin lang ang lalaking iyan, iwan na natin! ang pagyaya nito.

Hindi. Hindi natin siya maaaring iwanan hangga't may buhay pang nalalabi sa kanya.

At anong gagawin mo? Bubuhatin ang lalaking iyan hanggang sa makababa tayo? Isa kang baliw!

Mas hindi ko makakayang iwan siya rito... ang tugon lamang nito.

Kaya't nagpatiuna na nga ang lalaking iyon at iniwan ang dalawa.

Samantala, buong pagtitiyaga ngang binuhat ng lalaki ang sugatan. Isinakay niya ito sa kanyang likuran, at yumakap naman sa kanya ang lalaki upang hindi mahulog. Naglakbay sila sa ganitong ayos, kahit na nga mahirap ay tiniis ng lalaki, mailigtas lamang ang kasama.

Makalipas ang dalawang araw ng paglalakbay, laking gulat ng dalawang lalaki nang madaanan ang isang bangkay. Bangkay iyon ng lalaking nagpatiuna sa kanila.

Ano ang nangyari? tanong ng napilayang lalaki sa kasama.

Hindi niya marahil nakayanan ang lamig, at bumigay ang kanyang бага.

Pero tayo... nakayanan natin ang lamig.

Dahil magkasama tayo at magkaniig ng ganito. Ang init ng ating mga katawan ang naging proteksiyon natin sa matinding lamig.

Isang mahalagang aral ang natutunan nila habang bumababa na sila ng bundok tungo sa kaligtasan. Na ang pagmamahal sa kapwa ay parating may magandang kinahihinatnan, kaysa sa mga nang-iwan.

Sagutin ang mga katanungan:

1. Ano ang mensahe ng akda?

2. Ano ang pagtulong sa kapwa na tinutukoy sa akda?

3. Bakit kaya sinabi ng lalaki na tulungan nila ang napilayan habang may buhay pa? Ito kaya ay tanda ng pagmamahal sa kapwa? Ipaliwanag.

4. Sa iyong sariling karanasan, anu-ano ang mga kilos o gawa na nagpapakita ang iyong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa?

Pamantayan para sa pagbibigay ng puntos

Pamantayan	Puntos	Katangian ng paliwanag
Napakahusay	5	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain. Maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap, may tamang pagkakabaybay ang mga salita at paglagay ng mga bantas.
Mahusay	3	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain. Hindi masyadong maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap, may tamang pagkakabaybay ang mga salita at subalit walang mga bantas.
Katamtamang husay	2	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag. Magulo ang pagkakasulat ng mga pangungusap, hindi tamang pagkakabaybay ang mga salita at walang mga bantas.



Suriin

Basahin at intindihin ang mensahe na nakapaloob sa sanaysay tungkol sa pagmamahal ng Diyos. Ang akda ay hango sa website na <https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospelprinciples/chapter-30-charity>

Ano ang Pag-ibig sa Kapwa-Tao?

Hango mula sa <https://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospelprinciples/chapter-30-charity>

Paano ninyo bibigyang-kahulugan ang pag-ibig sa kapwa-tao? Mababanaag sa buhay ng Diyos ang dalisay na pag-ibig Niya para sa lahat ng tao. Ibinigay pa Niya ang Kanyang buhay para sa atin. Pag-ibig sa kapwa-tao ang dalisay na pagmamahal na iyon na taglay ng ating Diyos. Sinabi Niya sa atin na mahal in ang isa't isa tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay nagmumula sa dalisay na puso (I Kay Timoteo 1:5). Tayo ay may dalisay na pag-ibig, mula sa puso, kapag nagpakita tayo ng tunay na pagmamalasakit at habag para sa lahat ng ating mga kapatid.

Pag-ibig sa Kapwa-Tao ang Pinakadakila sa Lahat ng Kabutihan

Sinabi sa atin ni propetang Mormon, “Kaya nga, manangan sa pag-ibig sa kapwa-tao, na pinakadakila sa lahat, sapagkat ang lahat ng bagay ay nagkukulang—datapwat ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo, at iyon ay nagtitiis magpakailanman” (Moroni 7:46–47)

“Walang may lalong dakilang pag-ibig kaysa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan” (Juan 15:12–13).

Sa pakikipag-usap sa Panginoon, sinabi ni Moroni:

Maaaring hindi natin kailangang ibigay ang ating buhay tulad ng ginawa ng Diyos ngunit maaari tayong magkaroon ng pag-ibig sa kapwa-tao kung gagawin natin siyang sentro ng ating buhay at susundin ang Kanyang halimbawa at mga turo. Tulad ng Diyos, maaari din nating pagpalain ang buhay ng ating mga kapatid dito sa mundo.

Bakit pag-ibig sa kapwa-tao ang pinakadakila sa lahat ng kabutihan?

Maraming itinuro sa atin ang Diyos na sa pamamagitan ng mga kuwento o talinghaga. Itinuturo sa atin ng talinghaga ng mabuting Samaritano na dapat tayong magbigay sa mga nangangailangan, sila man ay ating mga kaibigan o hindi (Lucas 10:30–37);

Itinuro ng Diyos na dapat tayong magbigay ng pagkain sa mga nagugutom, kanlungan sa mga walang tirahan, at mga damit sa mahihirap. Kapag dinadalaw natin ang mga maysakit at ang mga nasa bilangguan, parang ginagawa na rin natin sa Kanya ang mga bagay na ito. Nangako Siya na sa paggawa natin ng mga bagay na ito ay mamanahin natin ang Kanyang kaharian. (Mateo 25:34–46.)

Hindi natin dapat tangkaing magpasiya kung karapat-dapat ba o hindi ang isang tao sa ating tulong (Mosias 4:16–24). Kung naisaayos na natin ang mga pangangailangan ng sarili nating pamilya, sa gayon ay dapat nating tulongan ang lahat ng nangangailangan ng tulong. Sa ganitong paraan tayo ay magiging katulad ng ating Ama sa Langit, na nagkakaloob ng ulan kapwa sa mabubuti at sa masasama (Mateo 5:44–45).

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson na may mga taong nangangailangan ng higit pa sa mga materyal na bagay: “Itanong natin sa ating sarili: ‘Ako ba’y may kabutihang nagawa? Ako ba ay nakatulong na?’ [*Mga Himno*, blg. 135]. Napakagandang pormula ng kaligayahan! Napakagandang reseta para sa kapanatagan, sa kapayapaan ng kalooban ang mabigyang-inspirasyon ang isa pang nilalang upang magpasalamat. “Ang ating mga pagkakataong tumulong ay tunay na walang hangganan, ngunit nabubulok din ang mga ito. May mga pusong pasasayahin. May mabubuting salitang sasambitin. May mga regalong ibibigay. May mga gawaing gagawin. May mga kaluluwang ililigtas” (sa Conference Report, Okt. 2001, 72; o *Liahona*, Ene. 2002, 60).

Ang Pag-ibig sa Kapwa - Tao ay Nagmumula sa Pusong

- Paano natin magagawang mahal in ang mga tao sa kabila ng kanilang mga kasalanan at pagkakamali?

Kahit na nagbibigay tayo sa mga nangangailangan, kung hindi tayo nakakaramdam ng pagkahabag sa kanila, tayo ay walang pag-ibig sa kapwa-tao (I Ni Juan 3:16–17). Itinuro ni Apostol Pablo na kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao, tayo ay puno ng mabuting damdamin para sa lahat ng tao. Tayo ay mapagpasensya at mabait. Hindi tayo mayabang o palalo, maramot o walang-galang. Kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao hindi natin tinatandaan o ikinagagalak ang kasamaang ginawa ng ibang tao. Ni hindi natin ginagawa ang mabubuting bagay dahil lamang sa kapaki-pakinabang ito sa atin. Sa halip, kasama tayong nagagalak ng mga taong namumuhay sa katotohanan. Kapag tayo ay may pag-ibig sa kapwa-tao tayo ay matapat, naniniwala tayo sa kakayahan ng ibang tao, at mabait tayo sa kanila. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang “pagibig ay hindi nagkukulang kailan man.

Taglayin ang Mabuting Katangian ng Pag-ibig sa Kapwa-Tao

Paano natin higit na maiibig ang ating kapwa?

Ang **isang** paraan upang maibig natin ang ating kapwa ay pag-aralan ang buhay ng Diyos at sundin ang Kanyang mga kautusan.

Pangalawa, kapag hindi tayo nakadarama ng pagmamahal sa kapwa-tao, maaari nating ipagdasal na magkaroon tayo ng dagdag na pag-ibig sa kapwa. Hinihimok tayo ni Mormon na, “Manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso, nang kayo ay mapuspos ng ganitong pag-ibig (Moroni 7:48).

Pangatlo, maaari nating matutuhang mahal in ang ating sarili, na ang ibig sabihin ay nauunawaan natin ang tunay na kahalagahan natin bilang mga anak ng ating Ama sa Langit. Itinuro ng Tagapagligtas na kailangan nating mahal in ang iba *tulad ng pagmamahal natin sa ating sarili* upang mahal in ang ating sarili, kailangan nating igalang at pagtiwalaan ang ating sarili. Ibig sabihin kailangan tayong maging masunurin sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Kailangan nating pagsisihan ang anumang pagkakamali. Kailangan nating patawarin ang ating sarili kapag nakapagsisi na tayo. Lalo nating mamahalin ang ating sarili kapag nadama natin ang taos at nakapapanatag na katiyakan na talagang mahal tayo ng Tagapagligtas.

Pang-apat, maiiwasan nating isipin na mas mabuti tayo kaysa sa ibang tao. Mapagpapasensyahan natin ang kanilang mga pagkakamali. Sinabi ni Joseph Smith, “Kapag mas napapalapit tayo sa ating Ama sa langit, mas nahahabag tayo sa mga taong naliligaw ng landas; nais natin silang pasanin, at balikatin ang kanilang mga kasalanan” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 502–3).


Sa Aklat ni Mormon mababasa natin ang tungkol kay Enos, isang binata na nagnais malaman kung napatawad na ang kanyang mga kasalanan. Sabi niya sa atin: “Ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa aking sariling kaluluwa; at sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya; oo, at nang dumating ang gabi ay inilakas ko pa ang aking tinig sa kaitaasan kung kaya’t iyon ay nakarating sa kalangitan. “At doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain” (Enos 1:4–5). Labis na nagpasalamat si Enos sa pagmamahal at pagpapatawad ng Panginoon kung kaya kusa niyang iniukol ang nalalabi niyang buhay sa pagtulong sa iba na matanggap ang ganitong kaloob.



Pagyamanin

GAWAIN 2: Pagbuo ng Konsepto

PANUTO: Pangatwiranan mo ang tanong na nakasulat sa loob ng kahon sa pamamagitan ng pagbibigay ng kongkretong rason o sitwasyon sa loob ng mga nakapaligid na kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



GAWAIN 3: PAGESUSURI

PANUTO: Basahin ang parabula na hango mula sa libro ni Lucas at sagutin ang mga tanong sa iyong sagutang papel.

Mga Mabuting Samaritano (Parabula)

Lucas 10:25-28

Isang lalaki ang naglalakbay pababang Jerusalem at patungong Jeriko. Mula sa kanyang kinatatayuan ay abot-tanaw pa rin niya ang huling bahay sa Jerusalem. Naabutan siya ng sikat ng araw at nagpahinga sa ilalim ng punungkahoy at doon na rin niya kinain ang kanyang pananghalian. Nang siya ay makapananghalian muli niyang isinabit sa kanyang balikat ang sako. Nanatili pa rin siyang nag-iisa sa kanyang paglalakbay. Mataas pa rin ang araw kaya naniniwala siya na makakarating siya sa kanyang pupuntahan. Nang walang anu-ano isang grupo ng kalalakihan ang nakita niya at ginulpi siya at inagaw lahat ang kanyang mga dala. Iniwan siyang halos wala ng buhay. Isang pari ang napadaan at nilampasan lamang siya, ganoon din ang ginawa ng isang Liveti. ~~At~~ may isang napadaan na Samaritano ang naawa sa kanya at tinulungan siya. Binendahan ang kanyang sugat at pinainom ng alak, pagkatapos painumin ng alak, dinala siya sa isang lugar. Ginamot niya ang sugat at binalot niya ng kumot at binigyan siya ng gamot para bumaba ang kanyang lagnat. Nang mabuti na ang kanyang pakiramdam ay nag-utos ang Samaritano sa nagmamay-ari ng tahanan na kanyang tinutuluyan na tingnan mabuti ang istranghero at muling nagpatuloy siya sa kanyang paglalakbay.

1. Ano ang mensahe ng parabula?

2. Ano ang mga kilos na ipinakita ng Samaritano? Sang-ayon ka ba dito?
Ipaliwanag.

3. Ayon sa aral na natutunan mo, magbigay ng mga kilos na dapat mong gawin upang mapaunlad mo nang lubos ang pagmamahal mo sa Diyos.

GAWAIN 4: Pagbibigay-kaya

PANUTO: Pangatwiranan mo ang katutuhanang nakapaloob sa mensahe patungkol sa pagmamahal ng Diyos at magbigay ng mga angkop na kilos kung paano pauunlarin ito. Pwede kang gumamit ng mga patunay mula sa bibliya kung mayroon. Gawin ito sa sagutang papel.

Ang nagawa mo sa kapwa mo ay siya ring nagawa mo sa Diyos.


1. Ayon sa aral na natutunan mo, magbigay ng mga kilos na dapat mong gawin upang mapaunlad mo nang lubos ang pagmamahal mo sa Diyos.

Gawin mo sa iba ang gusto mong gawin ng iba sa iyo

2. Ayon sa aral na natutunan mo, magbigay ng mga kilos na dapat mong gawin upang mapaunlad mo nang lubos ang pagmamahal mo sa Diyos.

Pamantayan sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 4


10 napakahusay	7 mahusay	5 hindi mahusay
Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang lubos at kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad. Maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap at may tamang pagkakabaybay ang mga salita	Ang sagot ay naipapaliwanag at kaaya-aya, kayang gawin ninuman, nagpapakita ng pagmamahal, paglilingkod, malayang desisyon at may kaakibat na responsibilidad. Hindi masyadong maayos ang pagkakasulat ng mga pangungusap, may tamang pagkakabaybay	Ang sagot ay hindi kaaya-aya, pili ang pwedeng gagawa, hindi lubos na nagpapakita ng pagmamahal paglilingkod, sapilitang desisyon at walang kaakibat na responsibilidad. magulo ang pagkakasulat ng mga pangungusap, hindi tamang pagkakabaybay ng mga salita.



Isaisip

PANUTO: Buuin ang mensahe ng mga pahayag ayon sa iyong natutunan sa aralin. Gawin ito sa sagutang papel.

Ang _____ (1) _____ ng Diyos sa ating kanyang nilalang ay dakila at pantay pantay. Ang pagmamahal sa _____ (2) _____ ay pagmamahal sa _____ (3) _____. Ito ay sumasang-ayon din sa pahayag na kung ano ang nagawa mo sa _____ (4) _____ mo ay siya rin ang nagawa mo sa Diyos. Sumasalamin ito sa _____ (5) _____ ng Diyos ng tao na kawangis niya. Samakatuwid palaging _____ (6) _____ ang mga angkop na _____ (7) _____ upang mapaunlad ang pagmamahal na ito.



Isagawa

PANUTO: Bilang isang mag-aaral na nasa gitna ng global na pandemya, Paano mo maipapakita ang pagmamahal mo kapwa bilang tanda/repleksyon ng pagmamahal mo sa Diyos. Sumulat ka ng sanaysay tungkol dito. Ang magiging pamagat ng sanaysay ay, “*Ang Repleksyon ng Pagmamahal ko sa Diyos*” Isulat ito sa iyong sagutang papel

Ang Repleksyon ng Pagmamahal ko sa Diyos

Pamagat

Pamantayan sa pagbibigay puntos sa sanaysay sa Isagawa.

15 napakahusay	10 mahusay	7 hindi mahusay
Ang lahat ng sagot sa kabuuan ay pagpapaliwanag nang lubos ang repleksyon ng pagmamahal Diyos sa ibang tao.	Ang sagot sa kabuuan ay naglalaman ng isa na hindi pagpapaliwanag nang lubos ang repleksyon ng pagmamahal Diyos sa ibang tao.	Ang sagot sa kabuuan ay naglalaman ng dalawa o higit na hindi repleksyon ng pagmamahal Diyos sa ibang tao.
Malinis, tama ang pangungusap at pagkapantig ng salita	Hindi gaanong malinis, at may isa na mali ang pagkasulat ng pangungusap at pagkapantig ng salita	Sa kabuuan ay hindi malinis, at may higit sa dalawa na mali ang pagkasulat ng pangungusap at pagkapantig ng salita
Nasunod ang pormat ng sanaysay (simula, nilalaman at panwakas na bahagi)	Dalawa lamang na bahagi ng sanaysay ang ginawa.	Hindi sinunod ang tamang paggawa ng sanaysay.



Tayahin

PANUTO: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Isulat ang salitang **TAMA** kung wasto ang ipinapahayag ng pangungusap at **MALI** naman kung ang isinasaad ng pahayag ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagmamahal ang nag- uudyok sa isang tao upang maglingkod sa kapwa ng walang hinihinging kapalit.
2. Ang pakikipag-ugnayan sa iba at pagbabahagi ng sarili ay pagpapakita ng pagsunod sa golden rule.
3. Mababasa sa Mosias 10:16-24 kung sino ang ating kapwa at kung paano tayo dapat makitungo sa ating kanila.
4. Ang makabuluhang pakikipagkapwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba na may pagmamahal.
5. Hindi dapat tangkaing magpasya kung karapat-dapat ba o hindi ang isang tao sa ating tulong
6. “Ang pag- big ay hindi nagkukulang kailanman”, ayon sa Parabula ng Mabuting Samaritano
7. Kinakailangan magkaroon epektibong komunikasyon at pagtanggap para sa pagpapatatag ng pakikipagkapwa.
8. 8.Kailangan maibigay ang nararapat sa kapwa na walang iba kundi ang paggalang sa kanyang dignidad.
9. Sinabi Ramon D. Aglipay na, “Nararapat na may kalakip na paggalang at pagmamahal ang pakikipag-ugnayan natin sa ating kapwa.
- 10.Sa I Corinto 13: 4-8 mababasa ang, "Gawin mo sa kapwa mo ang nais mong gawin nila sa'yo."

II. Magbigay ng limang (5) angkop na kilos at ipaliwang kung paano mapapaunlad ang pagmamahal sa Diyos at kapwa.


1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____



Karagdagang Gawain

PANUTO: Gumawa ng sampung *strips ng papel* (maaaring iba't-ibang kulay) at sumulat ng mga *Bible Verses* na may kinalaman sa pagmamahal sa kapwa. Idikit ito sa isang malinis na bond paper. Gawing kaaya-aya ang presentasyon sa pamamagitan ng paglalagay ng disenyo at kulay. Idagdag ang gawain sa iyong portfolio.

<i>Pamantayan sa Pagbibigay ng iskor</i>	<i>Napakahusay</i>	<i>Mahusay</i>	<i>Di-gaanong mahusay</i>
	10	7	4
Kamalayan sa gawain			
Kalinisan at kaayusan ng pagkakasulat			
wastong pagkakabaybay at pagbabantas			
<i>Pagiging Malikhain</i>			



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none">1. tama2. mali3. mali4. tama5. tama6. mali7. tama8. tama9. mali10. mali <p>11-15 maaring magkaiba ang sagot</p>	<p>Isaisip</p> <ol style="list-style-type: none">1. pagmamahal2. kapwa3. Diyos4. kapwa5. nilikha6. isabuhay7. kilos	<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none">1. H2. A3. I4. D5. F6. C7. J8. I9. G10. B <p>II.</p> <p>Pagiging kontento sa buhay</p> <p>Pagsisisi sa mga kasalanan</p> <p>Pagtulong sa mga nangangailangan</p> <p>Pagkakaroon ng malinis na pagtingin sa sarili</p> <p>Pagbibigay at pagpapatawad sa iba</p>
--	--	---

Sanggunian

Ang Biblia. 2001.

KapitBisig.com Philippines. 2009. Ang pagmamahal sa kapwa.

https://www.kapitbisig.com/philippines/tagalog-version-of-parables-mga-parabula-ang-pagmamahal-sa-kapwa-parabula-parable_1050.html.

KapitBisig.com Philippines. 2009.

<https://www.kapitbisig.com/philippineshttps://www.churchofjesuschrist.org/study/manual/gospel-principles/chapter-30-charity> .

"Modyul 12: Espiritwalidad at Pananampalataya." In *Edukasyon sa Pagpapakatao* 10. 2015.

Sahih al-Bukhari . n.d.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph